WCB FACTS 2024

MGA KOMPANYA NG PRODUKSYON

Kailangan bang bumili ang mga kompanya ng produksyon ng coverage mula sa Workers Compensation Board of Manitoba (WCB, Lupon ng Kabayaran ng mga Manggagawa ng Manitoba)?

Ang mga kompanya ng produksyon ay kinakailangang bumili ng coverage para sa lahat ng mga manggagawa maliban sa mga entertainer. Ang mga entertainer ay kinabibilangan ng mga aktor, mga stunt man/woman at sinumang mga tao na nagtatrabaho sa harap ng kamera. Ang mga entertainer ay hindi kinakailangang magkaroon ng coverage sa kabayaran ng mga manggagawa; gayunpaman, ang WCB ay nagbebenta ng coverage para sa mga indibidwal na ito.

Ang lahat ba ng mga tao na nagtatrabaho sa production, bukod sa mga entertainer, ay itinuturing na mga manggagawa?

Hindi. Ang terminong "manggagawa" ay pareho sa terminong "kawani" at ang ilang mga taong nagtatrabaho sa industriya ay mga independiyenteng kontratista, imbes na mga manggagawa. Para malaman ang kalagayan ng isang partikular na indibidwal, maaaring kailanganing suriin ng WCB ang mga salik tulad ng collective agreement (kasunduan sa pagitan ng employer at ng manggagawa kung saan nakasaad ang bayad-pinsala sa manggagawa at ang mga kondisyon sa pagtatrabaho), ang kontrata ng trabaho, ang halaga at uri ng babayarang bayad-pinsala, at kung ang mga karapatan at mga royalty (kabayaran para sa ginawang pagtatanghal ng aktor/aktres) ay binabayaran o hindi, atbp.

Ang isang kompanya ng produksyon ba ay maaaring magbigay ng coverage para sa lahat na kabilang sa produksyon?

Oo. Ang mga kompanya ng produksyon ay maaaring piliing i-cover ang lahat ng mga indibidwal na kaugnay sa produksyon, kabilang ang mga aktor, mga entertainer, mga direktor, mga manunulat, atbp. Sa ilang pagkakataon, ang mga indibidwal na ito ay maaaring ituring na mga independent contractor. Para masiguro na ang mga independiyenteng kontratista ay mayroong coverage, ang kompanya ng produksyon ay kailangang humiling ng coverage sa panahon ng rehistrasyon at ang bawat indibidwal na isang independiyenteng kontratista ay kailangang magkumpleto ng isang aplikasyon para sa coverage.

Ang mga nakumpletong aplikasyon ay hindi kailangang ibigay sa WCB sa panahong binili ang coverage, ngunit kailangang manatili sa kompanya ng produksyon para ang mga ito ay maibigay sa WCB sa kaganapan na ang isang claim ay isinampa.

Ang mga indibidwal ba na mayroong opsyonal na coverage, kabilang ang mga independiyenteng kontratista at ang kompanya ng produksyon, ay protektado ng pagiging hindi kabilang sa mga probisyon ng demanda ng *The Workers Compensation Act*?

Oo. Kung ginusto ng kompanya ng produksyon na i-cover ang lahat ng mga indibidwal na kaugnay sa produksyon at maaaring magbigay ng isang kumpletong pormularyo ng aplikasyon

para sa sangkot na indibidwal/mga indibidwal kasunod ang isang pinsala o sakit na kaugnay sa trabaho, pareho ang kompanya ng produksyon at ang indibidwal na mayroong opsyonal na coverage ay hindi makakabilang sa mga potensyal na demanda mula sa bawat isa at sa lahat ng iba pang sakop na mga employer at mga manggagawa.

Anong payroll ang itinuturing na maaaring malaman ang halaga para sa mga independiyenteng kontratista?

Ang payroll sa taong 2024 na hanggang $160,510 kada indibiduwal ay itinuturing na maaaring ma-assess.

Ano ang gagawin ko kung ang isang tao na nagtatrabaho sa produksyon ay nakaranas ng isang pinsala sa lugar ng trabaho?

Sa sandaling malaman mo ang pinsala, iulat ang claim sa WCB. Aalamin ng WCB kung ang indibiduwal ay isang manggagawa o isang independent contractor, at hihiling sa kompanya ng produksyon ng isang kopya ng application at ibang dokumentasyon.

Kung ang pinsala at resulta ng pagkawala ng kita ay nagpatuloy nang lampas sa panahon ng kontrata, ang mga benepisyo para sa nawalang sahod ay kakalkulahin alinsunod sa patakaran ng *Karaniwang Kita* ng WCB at babayaran hanggang sa pinakamataas na opsyonal na antas ng coverage na $160,510. Ang beripikasyon sa mga kinita ay hihilingin para mabayaran ang patuloy na mga benepisyo sa nawalang kita.

Kanino ako dapat makipag-ugnayan para sa karagdagang impormasyon?

Kung ikaw ay mayroong mga katanungan tungkol sa coverage para sa mga kompanya ng produksyon, mga entertainer at/o mga independent contractor, o kung gusto mong mag-apply para sa coverage, mangyaring tumawag sa Assessment Services sa 204-954-4505 o walang bayad na tawag sa Canada at Estados Unidos sa 1-855-954-4321, ext. 4505.

Maaari ka ring sumulat sa pamamagitan ng email sa assessmentservices@wcb.mb.ca o sa pamamagitan ng regular na koreo sa:

Workers Compensation Board of Manitoba
Assessment Services
333 Broadway
Winnipeg, Manitoba R3C 4W3

Ang numero ng aming fax ay (204) 954-4900 o nang walang bayad sa Canada at sa Estados Unidos sa 1-866-245-0796.

Kung mayroon kang mga tanong kaugnay sa pagkalkula o sa bayad ng mga benepisyo, mangyaring tumawag sa aming linya sa Claims Service Center sa 204-954-4321 o nang walang bayad sa Canada at Estados Unidos sa 1-855-954-4321 at hilingin na makipag-usap sa nasa Payments department (Mga Pagbabayad).

Maaari ka ring sumulat sa amin sa:

Workers Compensation Board of Manitoba
Compensation Services
Atensyon: Mga bayad
333 Broadway
Winnipeg, Manitoba R3C 4W3

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mga mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.

Aplikasyon para sa Opsyonal na Coverage
(Produksyon ng Pelikuka at Musika – Industry Code 505-05)

Ang opsyonal na insurance sa Workers Compensation Board of Manitoba (WCB) ay bibilhin sa ngalan mo para matiyak, na sa kaganapan na ikaw ay mapinsala sa Manitoba habang nagtatrabaho ka, ikaw ay makakatanggap ng mga benepisyong kinakailangan upang umayos ang iyong kalagayan at makapagtrabaho kaagad sa ligtas na paraan.

Ang opsyonal na coverage, sa kaganapan ng isang pinsala na nagresulta sa kawalan ng sahod, ay babayaran ayon sa haba ng kontrata, hanggang sa maximum na $160,510 sa 2024. Kung ang pinsala at pagkawala ng kita ay nagpatuloy nang lampas sa haba ng kontrata, ang mga benepisyo para sa nawalang sahod ay kakalkulahin alinsunod sa patakaran ng *Karaniwang Kita* ng WCB at babayaran hanggang sa pinakamataas na opsyonal na antas ng coverage na $160,510. Ang beripikasyon ng iyong kinita ay hihilingin para bayaran ang patuloy na mga benepisyo ng nawalang kita. Sa pamamagitan ng pagpirma sa aplikasyon na ito, ang karapatan sa hinaharap na idemanda ang iyong employer o sa humahawak ng iyong kontrata para sa anumang pinsala o sakit na may kinalaman sa trabaho na maaaring lumabas mula sa at sa takbo ng iyong pagtatrabaho o kontrata sa Manitoba para sa proyektong kinilala ay mababale-wala.

Kompanya ng Produksyon: _____

Pangalan ng Proyekto: _____

Petsa ng Pagsisimula ng Produksyon (araw/buwan/taon): _____

<u>Impormasyon ng Indibidwal</u>

Apelyido, Pangalan, Inisyal: _____

Antas ng Hiniling na Coverage (hanggang sa pinakamataas na antas ng opsyonal na coverage):

_____

Binasa ko at naintindihan ang mga impormasyong nasa itaas.

_____	_____
Lagda (Indibidwal o awtorisadong ahente)	Petsa
_____	_____
I-print ang Pangalan	Titulo
_____	_____
Lagda ng Saksi	Petsa
_____	_____
I-print ang Pangalan	Titulo